Basahin ito!

# Mga bagay na kailangang malaman

## kapag bibili ng segunda-manong sasakyan

**Hindi kagaya ng mga bagong sasakyan,**
**ang mga segunda-manong sasakyan ay maaaring magkaroon din ng mga ganitong problema.**

Bumili ako ng segunda-manong sasakyan!
Sinabi sa akin ng dealer,
"Wala itong problema sa pagtakbo at
maganda ang kondisyon nito."




**Ngunit...**




Matapos kong bilhin ang sasakyan,
mayroong kakaibang ingay
kapag pinaandar ko ang makina!
Hindi nabanggit sa akin ng dealer ang
problemang ito.
Ano ang dapat kong gawin?

**Mga puntos para maresolba ito**

## 1 Paano kung may nakita akong depekto sa oras ng pagbili?

- Kung ang depekto ay hindi sanhi ng normal na wear and tear, at hindi ito idineklara sa iyo noong pumirma ka ng kontrata, maaari kang humingi ng libreng pagpapaayos sa mismong dealership.
- Kapag ang sasakyan ay hindi na maaayos, o kaya'y hindi pumayag ang dealership na ipaayos ito, o kapag hindi ligtas imaneho ang sasakyan sa pampublikong kalye (hindi papasa sa roadworthiness), maaari mong hilingin na ikansela ang kontrata.



Inedit at inilathala ng
NCAC
国民生活センター
NATIONAL CONSUMER AFFAIRS CENTER OF JAPAN

Mga puntos para maresolba ito

## 2 Paano kung ang depekto ay nakita lamang pagkatapos kong mabili ang sasakyan?

| | |
|---|---|
| **Kung may warranty** | ➡ Kung ang depekto ay sakop ng warranty, maaari mong hilingin sa dealership ang libreng pagpapaayos ng sasakyan. Ngunit kung hindi ito covered, ito ay magiging kapareho ng “Walang warranty” na nakasaad sa ibaba. |
| **Kung walang warranty** | ➡ Kung ang depekto ay hindi sanhi ng normal na wear and tear, at hindi ito idineklara sa iyo noong pumirma ka ng kontrata, maaari kang humingi ng libreng pagpapaayos sa mismong dealership.<br>➡ Kung ang depekto ay sanhi ng normal na wear and tear, sariling gastos ang pagpapaayos dito. |



Ito ang kailangan mong malaman!

## Ano ang hahanapin kapag bibili ng segunda-manong sasakyan: ☑

### Kapag pumipili ng dealership o ng sasakyan

- ☐ I-check sa advertisement o price board kung ang mga impormasyong kagaya ng presyo, warranty, periodic maintenance, mileage, at repair history ay nakasulat ba o hindi.
- ☐ Bago bilhin ang sasakyan, paandarin mo muna ang makina at kung maaari ay subukan itong i-test drive upang masuri ang kondisyon nito.

### Kapag nakikipag-negosasyon

- ☐ Tingnan kung mayroon bang pagkakaiba sa pagitan ng aktwal na sasakyan at sa kung ano ang nakasulat sa advertisement o price board.
- ☐ I-check ang kondisyon ng sasakyan, kagaya ng mga gasgas o yupi, kondisyon ng makina at transmission, at iba pa nitong mga equipment kagaya ng car navigation system at aluminum na gulong.
- ☐ Kumuha ng quotation at i-check hindi lamang ang presyo ng sasakyan, kung hindi pati na rin ang tungkol sa warranty, gastos sa maintenance, iba’t ibang buwis, at iba pang mga gastusin kagaya ng bayad sa pagproseso.
- ☐ Kumuha ng quotations sa iba’t-ibang dealership upang maikumpara at mai-check ang detalye ng presyo at iba't-iba pang gagastusin.

### Kapag pipirma na ng kontrata

- ☐ I-check kung ang detalye at presyo na nakasulat ay kapareho ng napag-usapan.
- ☐ I-check ang nilalaman ng order form bago ito pirmahan at tatakan ng iyong seal. Siguruhin ang mga detalye, kagaya ng contract period at cancellation fees.
- ☐ Siguruhing kumuha ng kopya ng order form.

Inedit at inilathala ng Public Relations Department, National Consumer Affairs Center (Corporate Number: 4021005002918)
3-13-22, Takanawa, Minato-ku, Tokyo 108-8602, Japan
Inihanda sa pakikipagtulungan ng Automobile Fair Trade Council
Dinisenyo at isinalin ng Interbooks, Co. Ltd.
Inilathala ng Marso 2022